BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Ika-25 ng Abril, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

Isinara ang mga panahon ng may pahintulot na pagsusunog para sa pagpapalit ng pananim, pamamahala ng kagubatan, pagpuputol o pagbawas ng punongkahoy, at pamamahala ng kaparangan

SAN FRANCISCO - Inaanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Bay Area) na isasara ang pinahihintulutang mga panahon ng pagsusunog para sa pagpapalit ng pananim, pamamahala ng kagubatan, pagpuputol o pagbawas ng punongkahoy, at pamamahala ng kaparangan (range) sa Bay Area sa Martes, Ika-30 ng Abril.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang PAGSUNOG kapag pinaiiral ang *Alerto na Iligtas ang Hangin (Spare the Air Alert)*.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at pag-iwas mula sa mga panganib ng sunog, bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinatalaga bilang araw ng PAGSUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulutang sunog ay maaari lang isagawa sa mga itinaguyod na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGSUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at mga katimugang county ng Sonoma.

Makikita ang regulasyon ng Air District sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Air District | *Mga Pahayag sa Media*